Hindi Kailanman Lumulubog ang Araw

Mga Litrato at Print ng Cuba, Pilipinas, at Puerto Rico mula sa Hispanic Society Museum and Library

Paano hinuhubog ng mga litrato at print ang nakikita at nauunawaan natin tungkol sa isang lugar at sa mga tao rito? Ano ang mangyayari kapag tinitingnan natin ang mga imahe hindi lang bilang mga larawan, ngunit bilang mga rekord na hinubog ng kung sino ang gumawa sa mga ito, kung bakit, at kung para kanino?

Kinuha ng Hindi Kailanman Lumulubog ang Araw ang pamagat nito mula sa ikalabing-anim na siglong koro na el imperio donde nunca se pone el sol, “ang imperyong kung saan hindi kailanman lumulubog ang araw,” na ipinagdiriwang ang pandaigdigang saklaw ng monarkiya ng Spain. Ngunit pagdating ng ikalabinsiyam na siglo, humina ang kapangyarihan ng imperyo ng Spain, kahit na naghandog ang potograpiya at paglilimbag ng mga bagong paraan upang mailarawan, maipamahagi, at mabanaag ang mga kolonya nito.

Ipinapakita ng mga imaheng nakalap dito ang Cuba, Pilipinas, at Puerto Rico sa mga huling dekada ng kolonyal na paghahari ng Spain. Ipinapakita ng mga ito ang mga kalsada at daungan, plantasyon at pampublikong gusali, at ang mga taong tumira sa mga espasyong ito. Gayunpaman, ang mga imahe ay hindi mga transparent na bintana sa kolonyal na buhay. Kinomisyon at karamiha’y ginawa ng mga banyagang dibuhista, opisyal ng pamahalaan, naglalakbay na litratista, at iba pangang mga pagkakakilanlan at tungkulin ay hindi palaging lubusang kilala, sinasalamin nila ang mga partikular na perspektiba at layunin sa halip na ganap na makasining na mga punto de bista.

Sa Hindi Kailanman Lumulubog ang Araw, nangungusap ang mga biswal na rekord na ito sa mga sulatin ng makata at aktibistang Puerto Rican para sa kalayaan na si Lola Rodríguez de Tió, Pilipinong rebolusyonaryo na si Andrés Bonifacio, at Cuban na manunulat at rebolusyonaryo na si José Martí. Ang kanilang mga salita ay naghahandog ng mga perspektiba na hinubog ng buhay sa ilalim ng kolonyal na paghahari at mga pakikibaka para sa sariling pagpapasya. Upang mapalalim ang konteksto na nakapalibot sa mga bagay-bagay at kasaysayang kinakatawan dito, inanyayahan din ng exhibition ang mga iskolar at manunulat na may espesyal na kaalaman sa Cuba, Puerto Rico, at Pilipinas upang mag-ambag ng kanilang mga perspektiba.

Sa pagsasama-sama ng mga obra at salitang ito, inaanyayahan tayo ng exhibition na ito na tumingin lampas sa frame, makinig sa kung ano ang nawawala, at pansinin kung ano ang nananatiling hindi nasasabi o hindi nailalarawan, na siyang magbubukas ng mga bagong paraan ng pagtingin, pagkatuto, at pakikinig.

Pinangangalagaan ng Hispanic Society Museum and Library ang pinakamalaki at pinakaunang naitalang koleksyon ng mga daguerreotype na ginawa sa Pilipinas, na nagmula pa noong 1844 hanggang 1846. Makikita ang artistikong halaga nito sa pagiging tumpak at kagandahan na naipamamalas ng mga litrato ang mga likas na kapaligiran, arkitektura, mga komersyal na distrito, mga tirahan ng Katutubo, mga lokal na kaugalian, at pang-araw-araw na buhay, habang makikita ang kahalagahan nito sa kasaysayan sa pangangalaga sa pamanang kultura na malaki na ang ipinagbago o nawala na. Batay sa mga pagtutugma ng mga petsa, lugar, at indibidwal, at sa lawak ng gawaing potograpiko na isinagawa sa Asia ng French diplomat at opisyal ng customs na si Jules Itier, itinuturing si Itier na pinakamalamang na may-akda ng mga litratong ito. Ipinapakita ng mga imahe ang kumplikadong pag-unlad at sirkulasyon ng potograpiya sa pamamagitan ng mga ugnayang komersyal, diplomatiko, at kultural, na naglalagay sa Pilipinas sa interseksiyon ng pandaigdigang palitan.

—Noemí Espinosa, associate curator, Hispanic Society Museum and Library

Ano ang maaaring ipinahihiwatig sa atin ng mga litratong ito—at ano ang maaaring itinatago ng mga ito? Ang apat na daguerreotype sa kalagayang ito ay maaaring unawain bilang mga rekord ng mga lugar at tao, ngunit ang bawat isa ay selektibo ring pananaw na hinubog ng posisyon, layunin, at teknolohiya ng gumawa rito. Habang tinitingnan ang mga ito, isaalang-alang kung ano ang nakikita sa pamamagitan ng camera at ano ang nananatili sa labas ng frame nito. Ano ang iba pang kasaysayang hawak ng mga tila pandokumentaryong imaheng ito?

Jules Alphonse Eugène Itier

French, 1802–1877

Pook Daungan at Lumulutang na Tulay ng Taguig sa Bukana ng Laguna, Maynila

Bahay Pamahalaan ng Cabildo

Kalye ng Rosario at Simbahan ng Binondo

Tanawin mula sa Kalsada Palabas ng Majayjay papunta sa Magdalena, Lalawigan ng Laguna

c. 1844–46

Mga daguerreotype

Hiniram mula sa Hispanic Society of America, New York

Ilan sa mga pinakaunang naitalang litrato ng Pilipinas, ang apat na daguerreotype na ito ay nagpapakita ng mga sulyap sa lipunan na hinubog ng kolonyal na paghahari at komersyo. Bilang banyagang diplomat, dinala ni Jules Itier ang kanyang camera bilang bahagi ng kaniyang mga paglalakbay at opisyal na pangangalap ng kaalaman. Ang kanyang mga paksa ay mula sa mga sentro ng kolonyal na awtoridad hanggang sa mga lugar kung saan nagtatagpo ang komersyo at pang-araw-araw na buhay: Ang simbahan sa Binondo, na itinatag noong 1596, ay nagsilbi sa mga Chinese convert sa komersyal na distrito ng Manila; ang Taguig ay komunidad ng pangingisda sa tabi ng lawa; at ang *cabildo* ay sentro ng pamahalaan ng Spain. Tingnang mabuti ang tanawin ng kalsada mula sa Majayjay papunta sa Magdalena. Pagkalipas ng ilang dekada, ang Magdalena ay naging lugar ng rebolusyunaryong pakikibaka kung saan namatay noong 1899 si Emilio Jacinto, lider ng Katipunan, isang lihim na samahan na itinatag upang labanan ang paghahari ng Spain. Kinokonekta ng kaniyang kuwento ang tanawing ito sa mas malawak na pakikibaka para sa sariling pagpapasya ng Pilipinas.

—Elisa Germán, Lunder Curator ng Mga Obra sa Papel at Mga Pag-aaral sa Whistler, Colby College Museum of Art

Jules Alphonse Eugène Itier

French, 1802–1877

Tanawin ng Pagsanjan, Probinsya ng Laguna

Katedral. Kinunan noong ika-4 ng Abril

Mga Bahay ng Indio. Suburb ng Tondo, Manila

Simbahan ng Binondo

c. 1844–46

Mga daguerreotype

Hiniram mula sa Hispanic Society of America, New York

Dumating sa Pilipinas ang mga daguerreotype, ang unang teknolohiyang potograpiko, sa pamamagitan ng British India noong 1841, dalawang taon lang pagkatapos ipakilala ang mga ito sa France. Hindi nagtagal ay kumalat sa buong kapuluan ang mga studio ng potograpiya, na mas maaga kumpara sa alinmang lugar sa Asia. Bilang isang inspektor sa customs, kinunan ng litrato ni Jules Itier ang mga lugar na hinubog ng kolonyal na paghahari ng Spain, komersyo, relihiyon, at migrasyon. Ipinapakita ng apat na tanawing ito ang mga kapaligiran sa lungsod at probinsya sa loob at palibot ng Maynila: isang simbahang Katoliko sa Binondo, ang pinakamatandang Chinatown sa buong mundo; mga bahay sa Tondo, kung saan binubuo ng mga komunidad ng Indio ang iba't ibang populasyon ng migrante na nahikayat sa Maynila dahil sa komersyo at kolonyal na kalakalan; ang Katedral ng Maynila, na sentro ng Arkidiyosesis ng Spain; at ang kalsada tungo sa Pagsanjan, isang bayang nakakonekta sa Maynila sa pamamagitan ng ilog at kalakalan. Bagama't lumilitaw na nagpapakita ang mga ito ng mga simpleng tanawin ng mga lugar, ang bawat litrato ay selektibong salaysay na hinubog ng paksa, pananaw, at propesyon ni Itier. Sama-samang idinodukomento ng mga ito ang mga tanawin at lugar habang ipinapakita kung paano binubuo, sa halip na irekord lang, ng mga litratista ang mga lugar at taong ipinapakita.

—Ernest Rafael Hartwell, propesor ng Spanish at affiliated na faculty ng Mga Pag-aaral hinggil sa Latin America, Western Washington University

Charles W. Andrews

British, 1830–1869

Album ng Pilipinas

1857

Naka-bind na album ng dalawampu't isang may kulay na litograpiya

Hiniram mula sa Hispanic Society of America, New York

Kaunti lang ang nalalaman tungkol sa British na ilustrador na si Charles W. Andrews bukod sa kanyang gawain para sa *Ilustración filipina*, isang panandaliang magasin na inilimbag sa Maynila noong 1859–60. Ipinapakita ng 1857 album na ito ang "mga uri" at pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino: mayayamang Pilipino na binubuhat sa mga duyan, mga babaeng nagsasalo-salo sa *tubâ* (alak mula sa palma) sa isang bahay-kubong kantina, mga lokal na teknik sa pangingisda, *bangkas* (mga lunday) sa mga tahimik na ilog, at mga kasiyahan ng mga nakatataas na uri na nagtatampok ng mga sayaw na nagmula sa Spain, kasama ang waltz at isang lokal na sayaw, ang *jota manileña*. Ang pamamaraan ni Andrews ay hinubog ng *tipos del país*, isang tanyag na tradisyon ng ikalabinsiyam na siglo na pagpapakita ng mga Filipino bilang mga halatang "tipo," na kadalasang matutukoy ayon sa trabaho, damit, kasarian, at uri. Habang ang mga imaheng ito ay nagpapakita ng mga sulyap sa pang-araw-araw na buhay, hinubog din ng mga ito kung paano nakikita ang mga Pilipino—at kinakategorya—sa ilalim ng kolonyal na paghahari. Sa maraming lithograph, nakatingin ang mga Pilipinong paksa sa nanonood o sa artist, na nagpapaanyaya sa ating tanungin ang ating mga sarili: Sa huli, sino ang nagmamasid kanino?

—Ernest Rafael Hartwell, propesor ng Spanish at affiliated na faculty ng Mga Pag-aaral hinggil sa Latin America, Western Washington University

Sundan ang link dito upang makita ang buong album.

Francisco van Camp

Dutch, ipinanganak noong 1840

Albert Honiss

British, aktibo sa Maynila, Pilipinas, c. 1865–74

Album Tipos Filipinos

c. Dekada 1870

Naka-bind na folio ng limampu't isang albumen print

Hiniram mula sa Hispanic Society of America, New York

Ang unang kilalang studio ng potograpiya sa Pilipinas ay itinatag ng litratistang British na si Albert Honiss noong 1865. Noong nasawi si Honiss noong 1874, pumalit ang litratistang Dutch na si Francisco van Camp. Binigyan ng pagkilala ang dalawa sa album na ipinapakita rito. Ipinapakita ng mga litrato ang mga Pilipino sa mga indoor na studio setting. Ang mga pigura ay nagyayakapan, tumutugtog ng harpa, o humahawak ng mga tray ng mga gulay, na inalis sa konteksto ng mga lokal o pantahanang kapaligiran. Isinaayos tulad ng mga napakatanyag na *cartes de visite* ng panahong iyon (maliliit na portrait ng litrato na inilalagay sa mga kard para sa pagkolekta at pakikipagpalitan sa ibang tao), tahasang etnograpikong pamamaraan ang makikita sa mga imaheng ito, na nagtatampok ng mga Katutubong Pilipino na may partikular na damit, mga kilos, at mga kagamitan: Mga kakalakihan ng Bontoc na may matataas na kalasag, *pis syabit* na mga pambalot sa ulo na isinusuot ng Tausug, *kalapiaw* o mga kapoteng pang-ulan na gawa sa dahon ng palma, at mga Aeta, na kilala noon bilang mga *negrito*, na may mahahabang pana na mas mataas kaysa sa kanila. Ano kaya ang iniisip ng mga indibidwal na ito na kinunan ng litrato? Gaano kalawak ang kalayaan nila sa pagpili sa kanilang mga kasuotan at pose upang katawanin ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga kultura?

—Ernest Rafael Hartwell, propesor ng Spanish at affiliated na faculty ng Mga Pag-aaral hinggil sa Latin America, Western Washington University

Sundan ang link dito upang makita ang buong album.

Francisco van Camp

Dutch, ipinanganak noong 1840

Album MP, Volume I

c. Dekada 1870
Naka-bind na folio ng animnapu't siyam na albumen print

Album MP, Volume II

c. Dekada 1870
Naka-bind na folio ng limampu't apat na albumen print

Hiniram mula sa Hispanic Society of America, New York

Pinagsama-sama ng mga album ng mga litrato ni Francisco van Camp ang mga tanawin ng lungsod sa Pilipinas, studio portrait, at imahe ng mga tao, trabaho, kaugalian, at pang-araw-araw na buhay. Ang kanyang tanawin ng Maynila ay nagpapakita ng malungkot at napakalaking lungsod, kung saan nagsasama ng maliliit na tao kadalasan para ipakita ang lawak. Ang isang litrato ay gumagamit ng depth of field upang ipakita ang pagkakaiba ng magulong kumpol ng mga nakadaong na *bangka* (mga lunday) at walang lamang kalsada katabi ng daluyan ng tubig. Marami ding lumilitaw na malalabong pigura, gaya ng mga babaeng naghihintay at mga bakang pakalat-kalat. Sadya bang binura ang mga ito, o ang pagiging malabo ba ng mga ito ay bunga ng matagal na exposure sa mga sinaunang potograpiya? Paano naaapektuhan ng kakulangang ito ng mga lokal na *manileño* ang mga kuwento ni van Camp na biswal na nagsasalaysay tungkol sa mga kalye sa Maynila?

—Ernest Rafael Hartwell, propesor ng Spanish at affiliated na faculty ng Mga Pag-aaral hinggil sa Latin America, Western Washington University

Sundan ang link dito upang makita ang *Volume I*.

Sundan ang link dito upang makita ang *Volume II*.

Pierre Toussaint Frédéric Mialhe

French, 1810–1881

Kaakit-akit na Album ng Isla ng Cuba

c. Dekada 1850

Naka-bind na folio ng dalawampu't limang may kulay na lithograph at dalawang natutuping mapa

Hiniram mula sa Hispanic Society of America, New York

Binalangkas ng French na pintor at lithographer na si Frédéric Mialhe, ipinakita ng album na ito ang mga tanawin, arkitektura, at mga kaugalian ng Cuba sa mga madla sa buong mundo. Malawak ang nilakbay ni Mialhe sa buong isla noong dekada 1840, na ipinakikita ang mabilis na modernisasyon nito. Kapansin-pansin ang mga steamship, riles, plantasyon, at malaking neoclassical na gusali. Naging napakamatagumpay ng mga litograpiya, na malawakang lumaganap sa Europe at sa United States, kung saan muling ginagawa ang mga ito sa iba't ibang anyo, kasama na ang mga pandekorasyong ceramic at album na tulad nito. Ginawa ang chromolithographic na edisyong ito sa Germany gamit ang bagong proseso ng pag-print ng kulay na nagpaganda sa mga orihinal na imahe. Ang German na edisyon ng Hispanic Society, na ipinapakita rito, ay sumasagisag sa malalawak na network kung saan lumaganap ang mga lithograph sa ikalabinsiyam na siglo. Ang paglalakbay nito mula sa Cuba papunta sa Germany at pabalik sa koleksyon sa United States ay sumasalamin sa mas malalawak na tema ng exhibition na sirkulasyon, reproduksyon, at ang mga paraan na hinubog ng mga naka-print na imahe ang mga pananaw tungkol sa Cuba.

—Asiel Sepúlveda, assistant professor, Art History and Visual Culture, Babson College

Sundan ang link dito upang makita ang buong album.

Gil Gelpí y Ferro

Espanyol, 1826–1894

Makasaysayang Potograpikong Album ng Digmaan sa Cuba

c. 1872

Naka-bind na album na may dalawampu't apat na albumen na litrato at isang naka-print na plate

Hiniram mula sa Hispanic Society of America, New York

Inilimbag sa kalagitnaan ng Sampung Taong Digmaan (1868–78), ang unang pangunahing pakikibaka ng Cuba para sa kalayaan mula sa Spain, ang purong loyalistang tomong ito ay nagsilbing instrumento ng imperyalistang propaganda. Tinipon ng maka-Espanyol na mamamahayag na si Gil Gelpí y Ferro, gumagamit ito ng sinaunang dokumentaryong litrato upang hubugin ang opinyong publiko at ipagtanggol ang awtoridad ng Spain sa "Ever Faithful Isle" (Napakatapat na Isla) nito. Layunin ng mga litrato na idokumento ang militar, hukbong pandagat, at piling kuwerpo ng boluntaryo ng Spain. Sa halip na kunan ang paghihirap ng tao at ang pangwawasak ng tunggalian, ipinapakita ng mga ito ang mga napakadisiplinadong sundalo, estratehikong imprastrakturang militar, at maayos na kampo upang palabasin ang isang naratibo ng hindi mapipigilang tagumpay ng Spain. Gayunpaman, kung ilalampas ang tingin sa naka-curate na facade na ito, makikita natin ang isang desperadong imperyo na sinusubukang kontrolin ang tanawing mabilis na nakatatakas sa pagkakahawak nito, na pinagbabantaan ng mga kalabang paksyon, puwersa ng rebelde, at pagiging magkakaiba ng lipunan. Maraming buhay ng mga Cuban ang nawawala sa mga pahinang ito.

—Paul Niell, associate professor ng kasaysayan ng sining, College of Fine Arts, Florida State University

Sundan ang link dito upang makita ang buong album.

Eduardo López Cepero

Puerto Rican, 1841–1903

Mga Tanawin ng Kabisera: Potograpikong Album ng Mga Gusaling Sibil at Militar at Mahahalagang Palatandaan sa San Juan, Puerto Rico

c. 1880

Naka-bind na album ng limampung albumen na litrato

Hiniram mula sa Hispanic Society of America, New York

Kinunan dito ni Eduardo López Cepero ang sentro ng kapangyarihan sa isa sa mga pinakahuling kolonyal na himpilan ng Spain sa Americas. Ang mga imaheng ito ay nagsilbing arkibo ng mga paraan kung paano pinag-iisipan at inoorganisa ng Spain ang kolonyal na lungsod ng San Juan bilang sentro ng militar at administrasyon. Habang nakatuon sa arkitektura, nadokumento rin ng mga litrato ang mga paraan kung paano isinaayos ang kapangyarihan sa espasyo ng lungsod, mula sa mga administratibong gusali na nagbigay ng buhay sa kolonyal na estado hanggang sa mga tulay at sa lokal na libingan. Bagama't nakatingin sa camera ang mga indibidwal, hindi nakatuon sa kanila ang proyekto ni López Cepero—nagmumulto lang sila sa mga litrato. Nagpapaalala ang mga ito sa atin kung paano naghahangad ang kolonyal na kapangyarihan na burahin ang mga Puerto Rican, ngunit nanatili sila at nananatili pa rin.

—Jorell Meléndez-Badillo, associate professor ng kasaysayan ng Latin America at Caribbean, University of Wisconsin–Madison

Sundan ang link dito upang makita ang buong album.

Charles DeForest Fredricks

American, 1823–1894

Augusto Daries

French, aktibo sa Cuba, noong mga dekada ng 1860–1880

Tindahan ng Prutas, Havana

Panorama ng Havana

c. 1856–58

Mga albumen print na nakadikit sa board

Hiniram mula sa Hispanic Society of America, New York

Charles DeForest Fredricks
American, 1823–1894

Augusto Daries
French, aktibo sa Cuba, noong mga dekada ng 1860–1880

Kalye ng Teniente Rey at ang Bahay ng Aduana, Havana

Kuwartel ng Gilingan ng Asukal, Cuba

Plaza de Armas, Havana

Tacón Grand Theater at Inglaterra Grand Hotel and Restaurant, Havana

c. 1856–58
Mga albumen print na nakadikit sa board
Hiniram mula sa Hispanic Society of America, New York

Sa paghina ng kapit ng Spain sa mga huling bahagi ng pandaigdigang imperyo nito, pinagyaman ng mga Espanyol at Creole (ipinanganak sa isla) na mataas na uri sa Cuba ang imahe ng isla bilang isang disiplinadong kolonyal na teritoryo at modelo ng pag-unlad sa ikalabinsiyam na siglo. Sinasagisag ng album na ito ng mga albumen na litrato ang tendensiyang ito. Ginawa ni C. D. Fredricks y Daries—isang komersyal na pagtutulungan sa pagitan ng litratista na si Charles DeForest Fredricks at ng kaniyang associate na si Augusto Daries—ang mga sinaunang paper print na ito para magpakita ng portrait ng lipunang Cuban na maingat na ginawa sa artipisyal na paraan. Ginugunita ng mga ito ang enggrandeng neoclassical na arkitektura, mga abalang plaza, at mga plantasyon ng asukal ng Cuba, ngunit ibinubukod ng sinadyang pag-frame ng mga ito ang mas mababababang antas ng lipunan at mga inaliping tao na ang kanilang paggawa ang nagpasulong sa panahong ito ng modernisasyon.

—Paul Niell, associate professor ng kasaysayan ng sining, College of Fine Arts, Florida State University

Attilio Moscioni Chesi
Italian, 1876–1950

Plantasyon ng Tabako, Caguas-Cayey Cigar Company, Puerto Rico

Tren ng Tubo, Toa Baja, Puerto Rico

Pagpapatuyo ng Tabako
c. 1898–1910


Hindi natukoy ang litratista
Aktibo sa Puerto Rico, c. ikadalawampung siglo

Modernong Gilingan ng Asukal
c. 1910
Mga gelatin silver print na nakadikit sa board
Hiniram mula sa Hispanic Society of America, New York

Noong 1897, nakumpleto ng historyador na si Cayetano Coll y Toste ang isang census ng Puerto Rico, kung saan itinala niyang may 893,907 katao ang naninirahan doon, kung saan 383 ang mga Italian. Sa sumunod na taon, noong nanakop ang United States, lumipat ang Italian na litratista na si Attilio Moscioni sa Puerto Rico at nanirahan siya rito hanggang 1917, ang taon kung kailan ipinagkaloob sa mga Puerto Rican ang pagkamamamayan ng US sa pamamagitan ng Batas Jones-Shafroth. Kinunan ni Moscioni ang kumplikadong mundo ng agrikultura, mula sa mga kamay na nagtrabaho sa mga pabrikang nagpoproseso ng tabako hanggang sa mga sakahan kung saan itinatanim ang mga pananim nito at sa mga tren na nagdadala ng asukal mula sa isang lugar papunta sa iba pa. Nagpapatunay ang mga litrato sa dambuhalang yaman na nililikha ng Puerto Rico, na nakakagulat na konsentrado lang ito sa mga kamay ng mga absentee na panginoong maylupa at may-ari ng pabrika. Ang mga modernong gilingan ng asukal, tulad ng nakunan ng litrato sa *Modernong Gilingan ng Asukal*, ay nagpapasilip sa lawak ng produksyon ng asukal sa pagpasok ng ikadalawampung siglo.

—Jorell Meléndez-Badillo, associate professor ng kasaysayan ng Latin America at Caribbean, University of Wisconsin–Madison

Ipinanganak sa Maynila noong 1863, si Andrés Bonifacio ay isang Pilipinong makabayan at rebolusyonaryong pinuno na nakipaglaban para sa kalayaan mula sa kolonyal na paghahari ng Spain. Noong 1892, sumali siya sa La Liga Filipina, isang organisasyon para sa reporma na itinatag ng manunulat at makabayan na si José Rizal upang itaguyod ang mga karapatan ng mga Pilipino. Pagkatapos na pagkatapos ay inaresto si Rizal, at lalong nakumbinsi si Bonifacio na ang reporma ay hindi magdadala ng kalayaan. Sa taon din iyon, itinatag niya ang Katipunan, isang lihim na samahang nakatuon sa pambansang paglaya kung saan pinagsama-sama ang mga kasaping manggagawa at gitnang uri. Pagsapit ng 1896, lumago ito at nagkaroon ng higit sa tatlumpung libong kasapi. Kasunod ng pagpaslang kay Rizal ng kolonyal na pamahalaan ng Spain sa taon din iyon, tumulong si Bonifacio na ilunsad ang Rebolusyon sa Pilipinas. Ngunit hindi nagtagal ay hinamon ang kanyang pamumuno, at siya ay inaresto, nilitis dahil sa pagtataksil, at pinarusahan ng kamatayan noong 1897. Isinulat isang taon bago ang kaniyang kamatayan, ipinapakita ng kanyang tulang “Pagibig sa Tinubuang Bayan” ang pagmamahal sa bayan bilang panawagan sa sama-samang pagsasakripisyo.



Si José Martí ay isang Cuban na manunulat, mamamahayag, at rebolusyonaryo na naging nangungunang boses sa pakikibaka para sa kalayaan mula sa kolonyal na paghahari ng Spain. Ipinanganak sa Havana noong 1853 sa mga magulang na imigranteng Espanyol, naging aktibo siya sa pulitika bilang kabataan at ipinakulong at hinatulan siya ng mabigat na pagtatrabaho sa edad na labing-anim na taon dahil sa kaniyang mga sulatin na sumusuporta sa kalayaan ng Cuba. Nang ipinatapon sa Spain, ipinagpatuloy niya doon ang kaniyang edukasyon at ang kaniyang gawain sa pulitika at panitikan, iginugol niya ang halos huling bahagi ng kaniyang buhay bilang destiyero, maging sa New York. Noong 1892, itinatag niya ang Rebolusyonaryong Partido ng Cuba, na naglalayong pagkaisahin ang mga Cuban sa pakikibaka para sa kalayaan. Bumalik siya sa isla noong 1895 upang sumali sa Digmaan para sa Kalayaan ng Cuba at napatay sa labanan noon ding Mayo. Ang mga tula ni Martí ay nagbigay ng boses sa mga emosyonal at pulitikal na dimensyon ng pagkamakabayan ng mga Cuban. Sa “Dos patrias,” pinukaw niya ang Cuba bilang isang sugatan at nagdadalamhating bayang sinilangan, na ipinapakita ang personal na kabayaran ng pagpapatapon at ang pagiging agaran ng paglaya.



Ipinanganak sa San Germán noong 1843, si Lola Rodríguez de Tió ay isang Puerto Rican na makata, pulitikal na aktibista, at tagapagtaguyod ng mga karapatan ng kababaihan. Noong 1868, nabigyan ng inspirasyon ng Grito de Lares (Sigaw ng Lares), isang pag-aalsa laban sa kolonyal na paghahari ng Spain na ipinangalan sa bayan sa Puerto Rico kung saan ito nangyari, isinulat niya ang mga makabayang liriko sa himig ng “La Borinqueña” (“Ang Babaeng Puerto Rican,” mula sa Borinquén, isang Katutubong pangalan para sa isla). Ang awit at ang kaniyang mga sulatin ay naging tanyag ngunit nagdulot sa kaniya ng suliranin sa mga awtoridad ng Spain. Paulit-ulit na ipinapatapon dahil sa kaniyang mga pulitikal na aktibidad, kalaunan ay nanirahan si Rodríguez de Tió sa Havana, kung saan ang bahay niya ay naging lugar ng pagpupulong para sa mga Cuban na rebolusyonaryo, intelektwal, at destiyerong Puerto Rican. Sinuportahan niya si José Martí at ang iba pang pinuno ng kalayaan sa Cuba at tumulong siyang itatag ang Cuban Academy of Arts and Letters noong 1910. Sa saknong na sinipi dito mula sa “La Borinqueña,” nananawagan si Rodríguez de Tió sa mga Puerto Rican na gumising at sumama sa pakikibaka para sa kalayaan. Binago ng kaniyang mga liriko ang isang tanyag na awit at naging makapangyarihang pagpapahayag ng pagkamakabayan ng mga Puerto Rican, na sumasalamin sa mga aspirasyon ng kilusan para sa kalayaan para sa pulitikal na sariling pagpapasya.

